# TALA HINGGIL SA MGA KONTRIBYUTOR

**Dennis Andrew S. Aguinaldo** – Nagtuturo sa Department of Humanities ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Lumabas kamakailan sa High Chair ang sanaysay niyang "Reglamento" kasama ng dalawang sipi hinggil sa matulaing sanaysay. Kasunod nito ang paglabas ng kaniyang kuwentong "The Second Law" sa Kritika Kultura.

**Louise Vincent B. Amante** – Nagtapos ng BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtrabaho sa iba-ibang maliit na publikasyon hanggang sa makapagturo ng kursong Filipino sa De La Salle University-Manila, sa Don Bosco Technical College-Mandaluyong City, at sa University of Asia and the Pacific sa Pasig City. Tinatapos niya ngayon ang MA Araling Pilipino (Panitikan at Pelikula) sa UP Diliman.

Naging Fellow siya para sa Tula sa Filipino ng Ikatlong Palihang Rogelio Sicat ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas noong 2010; sa 11th Iyas National Writers Workshop ng University of St. La Salle-Bacolod noong 2011; at sa 20th Iligan National Writers Workshop ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology noong 2013. Naging manunulat at kawani siya ng seksyong Kultura ng Philippine Collegian, opisyal na pahayagan ng mga mag-aaral ng UP Diliman. Ilan sa kanyang mga akda ay mababasa sa websites na bulatlat.com, pinoyweekly.org, at km64.wordpress.com. May sarili rin siyang blog na mine-maintain sa http://lvbamante.blogspot.com.

**Mesándel Virtusio Arguelles** – May-akda ng 15 aklat sa Filipino kabilang ang Ang Iyong Buhay ay Laging Mabibigo: Mga Piling Tula (Ateneo de Naga University Press, 2016), Guwang (High Chair, 2013), Pilas ng Papel: Mga Sanaysay sa Tula (De La Salle University Publishing House, 2014), at Pesoa (Balangay Books, 2014), finalist para sa National Book Award 2015. Nagkamit siya ng mga parangal tulad ng Carlos Palanca Memorial Awards for Literature at Maningning Miclat Award for Poetry, dalawang ulit naging fellow sa UP National Writers' Workshop, at fellow sa BNSCWC Kritika National Workshop on Art and Cultural Criticism. Isa siya sa mga editor ng hal. (www.hal-dyornal.com), editor ng mga aklat, at guro sa Departamento ng Literatura sa De La Salle University-Manila, kung saan din siya kumukuha ng PhD Literature. Nalathala ang mga salin sa Ingles (ni Kristine Ong Muslim) ng kaniyang mga tula sa Circumference: Poetry in Translation, Construction Magazine, The Cossack Review, The Adirondack Review, The Missing Slate, Spoon River Poetry Review, River River Literary Journal,Waxwing Magazine, at Asymptote.

**John E. Barrios** – Guro ng College of Arts and Letters ng Unibersidad ng Pilipinas Visayas – Iloilo. Nagsilbing Execom Member at representante ng Rehiyon VI sa Committee on Cultural Education at Committee on Language and Translation ng Pambansang Komisyon sa Kultura at mga Sining. Kasalukuyang naglilingkod bilang Part-time Komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino. Nagtapos ng PhD Filipino – Panitikan ng Pilipinas sa Kolehiyo ng Arte at Literatura ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

**Kim Kimberly Derla** – Nagtapos sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at kasalukuyang nagtuturo sa mababang paaralan sa Lungsod Pasig. Isa ring online freelance writer. Nakapagsulat ng limang nobela, apat dito ay nailathala na.

**U Z. Eliserio** – Nagtuturo ng popular na kultura sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Kolehiyo ng Arte at Literatura ng UP Diliman. Awtor siya ng Kami sa Lahat ng Mataba, koleksiyon ng kritisismo, Sa mga Suso ng Liwanag, nobelang detektiv, at iba pang libro. Bisitahin siya sa ueliserio.net.

**Jeric Jimenez** – Isang part time instructor ng mga asignaturang Filipino 1 at 2 sa University of Rizal System Antipolo Campus at sa STI College Cainta, Rizal. Isa siya sa mga pinalad na maging fellow sa tula sa workshop ng P.U.P Center for Creative Writing at sa Unang Palihang Nasa Linya. Aprubadong mailathala ang kaniyang sanaysay sa Pandiwa (Tomo III), ang refereed journal ng Komisyon sa Wikang Filipino. Pasado naman sa mga Patnugot ng Sawi/Wagi: Mga Kuwento ng Luwalhati't Pighati ang isa niyang Dagli.

**Ivan Emil Labayne** – Kasalukuyang pinagsusumikapang tapusin ang kaniyang MA Thesis tungkol sa Burnham Park sa UP Baguio. Miyembro siya ng Baguio-based art group na Pedantic Pedestrians na tumatantiyang ang paghahanap ng 'bago' sa sining ay mas mapapainam kung may pagpapawis rin para sa bagong kaayusang panlipunan. Naging fellow siya sa Palihang Rogelio Sicat nitong taon at sa UST J. Elizalde Navarro National Workshop in Criticism on the Arts and Humanities noong 2014.

**Andrian Legaspi** - Nagtatrabaho bilang community nurse sa probinsiya ng Cavite. Nanalo ng Palanca Award noong 2014 at 2015 para sa mga kategoryang Dulang Pampelikula at Maikling Kuwento. Nag-aral ng panitikan sa barberya at videokehan.

**Maricristh Magaling** – Kasalukuyang nagtuturo ng wika, panitikan, at malikhaing pagsulat sa Bulacan State University at sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Nagtapos ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas. Naging fellow sa tula sa pambansang palihan ng Pamantasang Ateneo de Manila at UP. Ang huling pananaliksik ay hinggil sa kapwa-Bulakenyong manunulat na si Valeriano Hernandez-Peña.

**Amado Anthony Mendoza III** – Kasalukuyang nagtuturo ng mga kurso sa panitikan at malikhaing pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Nagtapos siya ng kursong BA Malikhaing Pagsulat noong 2014 at kasalukuyang kumukuha ng MA sa Panitikan sa parehong departamento. Naging kalahok at panelista rin siya sa ilang pambansang palihan sa malikhaing pagsulat tulad ng Iligan National Writers Workshop at Palihang Rogelio Sicat. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang pananaliksik hinggil sa multo ng anti-komunismo na pumapaloob at pumapalabas sa tatlong piling antolohiya ng maikling kuwento sa Timog-Silangang Asya.

**Rogelio Ordoñez** – Isang premyadong manunulat—kuwentista't nobelista, makata't peryodista—Gantimpalang KADIPAN sa sanaysay at maikling kuwento, Gantimpalang Liwayway sa nobela, Gawad Balagtas sa pamamahayag, Pambansang Alagad ni Balagtas sa literatura, Jose Rizal National Centennial Commission sa sanaysay at Gawad Alejandro G. Abadilla bilang "malikhaing manunulat at militanteng peryodista." Pinarangalan din siya ng probinsiya ng Cavite bilang Progresibong Caviteño sa larangan ng panitikan, at ng mismong bayan niya ng Imus bilang natatanging taga-Imus sa literatura.

**Maria Nikka P. Policarpio** – "Mother" o "Mama" ang karaniwang tawag sa kaniya ng mga kaibigan at mga kapanalig kay kahit hindi pa naman siya nagiging ina at hindi pa rin naman siya mukhang ina. Bata pa siya para maging ina sabi ng mommy niya, kahit nanay na nanay naman na siya kung mangaral sa mga kakilala. Nag-aaral siya ngayon ng salamangka at lohika sa Unibersidad ng Pilipinas habang minimikaniko ang makina ng estado at nagdadasal sa mga anito na hindi pa tuluyang nawawasak ito ng mga palalong frogs.

**Allan Popa** – Awtor ng sampung aklat ng mga tula kabilang na ang Drone (Ateneo de Manila University Press, 2013), Laan (De La Salle University Publishing House, 2013) at Maaari: Mga Bago at Piling Tula (UP Press, 2004). Editor ng antolohiyang Latay sa Isipan: Mga Bagong Tulang Filipino (UST Press, 2007). Nagwagi na siya ng Philippines Fress Literary Award at Manila Critics Circle National Book Award for Poetry. Nagtapos ng MFA in Writing sa Washington University in Saint Louis kung saan nagwagi siya ng Academy of American Poets Prize at Norma Lowry Memorial Prize. Kasalukuyang nagtuturo sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila at kumukuha ng PhD in Literature sa De La Salle University-Manila. Isa siya sa mga kasaping tagapagtatag ng High Chair. Ilalathala ng UST Press ang bago niyang aklat ng mga tula na pinamagatang Incision sa 2016.

**Jay Jomar F. Quintos** – Kasalukuyang nagtuturo sa Departamento ng Humanidades sa Unibersidad ng Pilipinas – Mindanao. Siya ay isa ring independent filmmaker.

**E. San Juan, Jr.** – Professor Emeritus ng English, Comparative Literature, at Ethnic Studies, Isa siyang professorial lecturer sa Polytechnic University of the Philippines noong 2015. Bagong libro niya ay isang kalipunan ng mga postkonseptwal na akda, WALA (limbag ng Polytechnic University of the Philippines), Learning from the Filipino Diaspora (University of Santo Tomas Publishing House), at Filipinas Everywhere (De La Salle University Publishing House). Kalalathala pa lamang ng koleksiyon niya ng mga panunuri, Lupang Hinirang, Lupang Tinubuan, mula sa De La Salle University Publishing House, at Between Empire and Insurgency mula sa University of the Philippines Press.

**Rosario Torres-Yu** - Isang premyadong manunulat, editor, at tagasalin ng mga aklat ukol sa wika, panitikan, kasarian, gawaing pangmanggagawa, at panitikang pambata. Ang kaniyang malikhaing panulat at mga iskolarli na akdang pampanitikan ay kinilala ng Unibersidad sa pamamagitan ng sumusunod na gawad: UP Arts Productivity System Award (2009-2011), Gawad Chanselor para sa Natatanging Guro (2008), UP Centennial Professorial Chair (2008 at 2010), UP Centennial Faculty Grant (2009 at 2011), International Publication Award (2009 at 2010), at Gawad sa Natatanging Publikasyon sa Filipino (2001). Naglingkod si Dr. Torres-Yu bilang Dekana ng Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman mula 2000-2003. Hinirang din siyang Bise-Tsanselor para sa mga Gawaing Pangmag-aaral mula 1993-1996, at Direktor ng UP Sentro ng Wikang Filipino mula 2012 hanggang sa kaniyang pagretiro noong Oktubre 2014. Kasabay rin ng kaniyang pagretiro ang paggawad sa kaniya ng Concepcion D. Dadufalza Award for Distinguished Achievement..